KALAMAYAN

Katipunan ng mga Salitang Mangyan-Alangan

A PUBLICATION OF

TUGDAAN
RESEARCH CENTER FOR
MANGYAN CULTURE

in partnership with
Mother Josepha Development Foundation, Inc.

PASASALAMAT

Ang KALAMAYAN ay mula sa salitang Mangyan-Alangan na ang ibig sabihin ay katipunan ng mga ibinabahaging kayamanan. Sang-ayon sa mga nakatatandang Mangyan sadyang angkop ang salitang KALAMAYAN upang maging pamagat sa aklat na ito sapagkat ito ay naglalahad ng likas yaman, lalim at ganda ng kanilang kulturang minana sa mga ninuno at nais ipamalas sa susunod pang salinlahi.

Ang salitang KALAMAYAN ay lumalarawan sa karanasan ng mga taong nag-ambang ng kanilang panahon, kaalaman at talino upang mabuo ang aklat na ito. Ang kauna-unahang nagsikap na makalikom ng mga salitang Mangyan - Alangan ay ang mga kabataang Mangyan na nag-aral sa TUGDAAN Center for Human and Environmental Development noong 1989 bilang bahagi ng kanilang pag-aaral ng Antrhopology at Mangyan Culture sa paggabay ni Maria Banlugan. Ipinagpatuloy ito ng marami pang kabataan ng TUGDAAN sa paggabay ng kanilang punong guro na si Ligaya Lintanawagin. Dahil sa pakikipagtulungan ng mga nakakatandang Mangyan naging makasaysayan at makahulugan ang pagbuo ng aklat na ito.

Ang paglathala ng aklat na ito ay bunga ng mahigit siyam (9) na taong pakikipamuhay at pakikibahagi ng may akda sa buhay, kultura at karanasan ng mga Mangyan.

Wara sa kanyo buo, BUNTON BUWAYWA! Para sa inyong lahat, maraming, maraming salamat po!

Ben Abadiano

PAUNANG SALITA

Malugod na inilulunsad namin ang Kalamayan, isang katipunan ng mga salitang Mangyan. Ang paglalathala nito ay isa sa mga pagdiriwang ng dalawang okasyong nais naming ipagpasalamat.

Una ay ang pagtatampok noong Oktubre 5, 2003, kay Padre Arnold Janssen bilang isang Santo ng Simbahang Katoliko. Siya ay nagtatag ng tatlong samahan: Society of the Divine Word (SVD), para sa mga pari at *brothers*, Missionary Sisters Servants of the Holy Spirit (SSpS) na siya naming kinabibilangan, at Missionary Sisters Servants of the Holy Spirit of Perpetual Adoration (SSpSAP) na kilala bilang Pink Sisters.

Pangalawa ay ang pagdiriwang ng tatlumpung (30) taong pakikipamuhay at pakikipagtulungan ng aming mga madre sa mga kapatid nating Mangyan sa Paitan, Naujan, Oriental Mindoro. Malaking biyaya ng mapagmahal na Diyos ang ipinagkaloob sa amin sa mga pagkakataong ito.

Taos pusong pasasalamat sa Banal na Santatlo sa lahat ng biyaya sa aming kongregasyon, sa aming mga katuwang, at sa mga taong aming pinaglilingkuran. Taos pusong pasasalamat sa kagandahang loob Niya sa amin sa nakaraang tatlumpung (30) taon, lalung-lalo na sa pagpapadala Niya ng isang matatag na katuwang namin at kaagapay ng mga Mangyan na si Ben Abadiano. Siya nga ang nagsimula at nagtaguyod ng TUGDAAN sa loob ng unang walong (8) taon 1989-1997. Kay Ben na masinop na naghanda nitong Kalamayan: maraming-maraming salamat at pagpalain ka ng ating Panginoon.

S. Ancille Elveña, SSpS

Sr. Ancille Elveña, SSpS
Provicial Leader, Philippines - North
Misionary Sisters Servants of the Holy Spirit